# Tatlong Kuwento ng Buhay ni Julian Candelabra ni Lualhati Bautista

Siya, si Julian Candelabra, ay anak ng isang mag-asawang bagama't mahirap, kung ipagsabi nga ng tatay niya, ay nabubuhay nang "marangal". Gano'n man ay maagang natutunan ni Julian na mahirap mabuhay nang marangal kung gutom ka, o, sa kaso niya bilang isang bata, kung marami kang kailangan na hindi mo mabili. Samantalang mapera ang kalaro mong si Bong at pinakikitaan ka ng cash ng ina nitong si Aling Sandra.

Totoo, mas mabuti nang di-hamak si Aling Sandra kung ihahambing sa iba pa nilang kapitbahay. No'ng mga panahong 'yon na kokonti pa lang ang may tv, hindi siya puwedeng sumilip-silip sa bintana ng iba para manood ng Popeye o ano pa man. paniguradong magsasara ng bintana ang iba! Pero pinatutuloy siya ni Aling Sandra, pinauupo sa tabi ni Bong, at pinapayagang manood hanggang sa oras na talaga para patayin nito ang tv. Kung sabagay, nauutus-utusan siya ni Aling Sandra. Pero makatarungan si Aling Sandra kahit sa pag-uutos nito. Kadalasang binibigyan siya nito ng pabuyang singko o diyes sa bawa't ipagawa sa kanyang maliit na bagay. "Julian, samahan mong bumili sa botika si Bong," at sa harap niya'y magbubukas ng kahon ng platera si Aling Sandra at huhugot ng pera sa pitaka. Sa harap niya, walang pangiming ililitaw ni Aling Sandra ang mga saampuin nito't de-beynte. "Aba, sisenta pa pala ang pera ko dito! O, ito nang sampu ang dalhin n'yo, Julian. Ikaw ang maghawak, ha? Baka iwala ni Bong."

Siguro, dahil kaibigan siya ni Bong kaya magiliw sa kanya si Aling Sandra. Tingin niya, gusto ni Aling Sandra basta mga kalarong hindi nakakagalit ni Bong. Anu't anuman, kahit may lakad si Aling Sandra, iiwan nito sa bahay si Bong baska kasama siya. Kahit magka-edad lang halos sila ni Bong, itinuring na siya ni Aling Sandra bilang isang mapagkakatiwalaang taong-bahay.
Mag-isa siya sa sala samantalang si Aling Sandra ay maaaring may ginagawa sa silid at si Bong ay nasa labas sandali. At ando'n lang, bukas, ang platerang pinaglalagyan nito ng pitaka. Siguro'y may kausap sa labas si Aling Sandra at nasa toilet sandali si bong, at nag-iisa siya sa sala malapit sa bukas na platerang kinalalagyan ng pitaka ni Aling Sandra. Ilang pagkakataon nang nangyayari iyon at tantiyado na niya, na maaari siyang maiwan sa loob nang may sapat na sandali para makasalisi sa platera, makahugot sa pitaka ni Aling Sandra at makabalik sa kinaroroonan niya na para bang hindi kumilos, walang ginagawang masama, at mag-anyo ng isang nagpapakabait.

Gustong-gusto niyang makabili ng mga sisiw na aalagaan niya't palalakihin para manok nab ago mag-bertdey ang tatay niya, para may maihanda ito nang hindi naman nakakantiyawan ng mga kumpare. Pero walang-wala siya. walang-wala siya samantalang ando'n lang, at kadalasang hindi bilang, ang pera ni Aling Sandra.

Hindi lang nila alam kung pa'no lumilindol ang dibdib niya nang gawin iyon. Hindi lang nila alam kung ga'no kadesperado ang pagtawag niya sa Diyos. Pero may ugaling magbingi-bingihan ang

Diyos kung minsan. Saktong ibinabalik niya sa lugar ang pitaka ni Aling Sandra nang bigla itong pumasok. At namakas sa mukha nito ang pagkagulat, na may halong pagkagalit.
"Julian, ano'ng ginagawa mo?"

Wala siyang naisagot. Namumutla, nanlalata ang tuhod na pinayagan niyang kapkapan siya ni Aling Sandra sa bulsa at tuklasin ang sasampuing matagumpay na sana niyang naitago.
Gulping walang humpay ang inabot niya sa tatay niya nang magsumbong si Aling Sandra, at walang nagawa ang nanay niya kundi magtitili't mag-iiyak na lang. May latay siya hanggang mukha, nagkandaihi sa sakit, halos hindi makabangon sa hirap. Akala talaga niya'y hindi siya titigilan ng tatay niya nang humihinga pa. Sa musmos na isip niya, natanim ang matinding hinanakit sa kabiguan ng tatay niyang umunawa sa damdaming nagtulak sa kanya para magawa iyon:

"Gustong-gusto ko lang pong makabili ng sisiw! Tatay, natukso lang po ako! Hindi lang po napigilan ang sarili ko, Tatay!"

Hindi na nakapasok pa si Julian sa bahay ni Aling Sandra o sa bahay ng kahit sino pa - mula no'n. Matagal bago nakalimutan ng mga tao ang nangyari. Ang totoo, maraming pagkakataon na nahuli niyang pinag-uusapan ng matatanda ang ginawa niya, kasama ng ilingan, ng mga salitang tulad ng, " *Kung anak ko 'yan, hindi lang ganyan ang aabutin niya sa 'kin,"* at *"Naku, h'wag mong pabayaang magsasama diyan ang anak mo, mare* ! *Baka pati anak mo, matuto* !" Isa ma'y walang nakaisip na mayro'n din siyang kahihiyan.

Matagal-tagal ding pinangilagan ng mga tao si Julian. Hindi nila alam, nangilag din si Julian sa kanila: nag-alala siyang may mawalan diyan ay siya ang awtomatikong mapagbintangan. May tatak na siya, masama na ang tingin sa kanya ng tao, at mahirap nang mangyari pa ay tuluy-tuloy siyang ipapulis.

Ilang taon na ang nakararaan ay takot pa rin si Julian na magpapasok sa bahay ng may bahay. Disisiyete na't lahat si Julian ay taglay pa niya ang pilat ng malubhang pangyayaring kinasangkutan niya sa edad dose na nagbunga sa kanya ng malalang pagkadungo at pagka-mailap.

"Hus, ikaw naman! Para kang aanuhin nang aanuhin," kung sabihan nga siya ni Aling Connie na asawa ng biyaherong si Mang Felix. "Aba, Julian; kung lilinisin mo ang kanal sa likod-bahay ko, wala kang dadaanan kundi dito sa loob!"

Madalas nga siyang tawagin ni Aling Connie. Julian, pakikabit mo nga ang *daylight*ko. Julian, tingnan mo nga ang *fuse* ko, pumutok. Kung takbo siya agad sa bawa't utos ni Aling Connie, iyon ay taboy ng abot-langit na pangangailangan niya, sa kabila ng lahat, sa tiwala ng kapwa-tao.
"O, kunin mo na 'tong limang piso, Julian. panigarilyo mo man lang."
"N-naku, hindi ho ako naninigarilyo!"

“O e di pang-meryenda mo. Masama naman 'yong utos ako nang utos sa 'yo, wala man lang pabuya. H'wag ka nang mahiya o. kunin mo na.”

Nahihiya pa rin siya. tama na sana sa kanya 'yong magiliw sa kanya si Aling Connie. pero mahalaga rin sa kanya 'yong limang piso kung tutuusin. Lalo na ngayong ga-gradweyt siya sa haiskul, at abut-abot ang utang na kailangan niyang sagutin sa eskuwelahan.

Minsa'y hinanap uli siya ni Aling Connie.

“Julian, tulungan mo nga ako!”

Naalarma siya. “Bakit ho?”

Pero nakatawa si Aling Connie. “Maniniwala ka, nai- *locked* ko ang sarili ko sa labas ng bahay? Alam mo naman 'yong pinto namin, pag nalimutan mo 'yong susi paglabas mo, patay ka na! Wala pa naman dito ang Mang Felix mo.”

“E pa'no ho ang gagawin ko?”

“Magbaklas ka ng *jalousy* sa bintana. Puwedeng do'n tayo magdaan.”

Magbaklas ng *jalousy* sa bintana ng may bintana, sa kalaliman ng gabi? Naku, nakakatakot! Baka mapagkamalan siyang magnanakaw! Baka barilin na lang siyang bigla.

“H'wag kang mag-alala, nakabantay naman ako,” sabi ni Aling Connie. “Hindi kita iiwan habang tinatanggal mo 'yong *jalousy* .”

Alanganin pa rin siya pero kawawa naman si Aling Connie. At maski pa'no, wala naming nangyayaring aberya habang sinusunod niya si Aling Connie.

“O, h'wag ka munang umalis agad,” pigil ni Aling Connie nang nagpapaalam na siya. “Dito ka na kumain.”

“Ho?”

“Bakit hindi? Nakaluto na 'ko. Ang totoo, maghahain na 'ko nang tumawag ang Mang Felix mo para sabihing bukas na siya makakauwi,” may pait na nadama siyang humawa sa boses ni Aling Connie.

Gutom na rin siya. Higit do'n natutuwa siya na mukhang nabubuhos na nga ang tiwala sa kanya ni Aling Connie. Sabik na sabik siya sa tiwala ng kapwa tao!
Nakakapagpalaki ng pakiramdam ang pakikitungo at pagsasabi sa kanya ng mga sikreto ni Aling Connie:

“Salaman naman, sinaluhan mo 'ko. Hindi mo lang alam kung ga'no kahalaga sa 'kin 'yong may makasalo 'ko sa pagkain. Alam mo, madalas, naiiyak talaga 'ko pag nagluluto ako ng ispesyal, tapos. tatawag sa 'kin ang Mang Felix mo para sabihing bukas na siya uuwi!”

Masarap damhin na siya ang takbuhan ni Aling Connie, na siya ang pinili nito para pagsumbungan, pagsabihan ng mga tago nitong damdamin:

“Balik ka, ha, Julian? Minsan. Pag wala ang Mang Felix mo. Para may makausap ako!”

Hindi niya maintindihan kung bakit siya pa, isang kabataang hindi mo naman sasabihing napakatalino, ang gusting kausap ni Aling Connie. Pero walang halaga sa kanya ang mga bakit. Tama na 'yong gusto siyang kausap ni Aling Connie; tama na 'yong nakakadama siya ngayon ng importansiya. Kaya nang salubungin siyang minsan ni Aling Connie sa daan para sabihing, “Halika sa bahay mamaya; wala ang Mang Felix mo,” walang pag-aatubiling nagpunta siya.

Ang seksi-seksi ni Aling Connie nang dumating siya. Nahihiya tuloy siyang tumingin sa dibdib nito. Baka sabihin pa ni Aling Connie, bastos siya. Nakatungo tuloy siya lagi. Pero nakatawa si Aling Connie, tinutukso siya: “Ba’t ba hindi ka mag-angat ng mukha?” sabi sa kanya. “Wala ka namang uling, a! O, may tipo ka naman. hindi naman nakakahiyang ilantad ang mukha mo. Julian, lumapit ka nga. Bakit ba parang mailap ka sa 'kin?”

Pinapawisan tuloy siya nang malapot. “E, A-aling Connie.”

“Halika sa tabi ko. Sus, Julian, h'wag kang manginig! Ano ka ba, para nahawakan ka lang!… Lalaki ka, babae 'ko. walang masama dito, Julian. Puwera na lang kung bakla ka?”
“H'wag, Aling Con-”

'H'wag ka rin! Haha! H'wag kang matakot, ako'ng bahala. Hmm, 'yan ang gusto ko sa lalaki. 'yong talagang amoy-lalaki!“

Pagkatapos niyon, tinanong niya ang Diyos: "Diyos ko, ba’t ko nagawa 'yon?” At muli, ang tanging katwiran na ginamit niya rin no'ng kasalukuyang nilulumpo siya ng tatay niya may limang taon na ang nakararaan: Natukso lang po ako! Hindi ko po napigilan ang sarili ko! Gusto niyang pumunta kay Mang Felix para sabihing, natukso lang po ako; hindi kop o napigilan ang sarili ko. pero kasabay nito, takot na takot siyang malaman ni Mang Felix na may nangyari sa kanila ni Aling Connie komo natukso siya, komo hindi niya napigilan ang sarili niya.

Masasalubong niya sa daan si Mang Felix, at halos hindi niya maihakbang ang paa sa matinding pangangalos ng tuhod niya. Alam na kaya ni Mang Felix? Diyos ko, natuklasan na kaya ni Mang Felix? Tatanguan siya ng pagbati ni Mang Felix at lalo siyang manlalata sa ginhawang bigyan ng kaalamang hindi pa alam ni Mang Felix.

*Hinahanap daw siya ni Mang Felix* ! At sagad-kaluluwa ang nerbiyos na aalipin sa kanyang pagkatao. Alam na kaya ni Mang Felix? Diyos ko, natuklasan na kaya ni Mang Felix? Iyon pala, uutusan lang siya ni Mang Felix at manlalata na naman siyang lalo sa pagkatuklas na *so far* , hindi pa nito alam.

Pero siyempre naman, a; hindi na 'yon ikukuwento ni Aling Connie! Siyempre naman, a; hindi na 'yon malalaman ni Mang Felix. Pagkaraan ng ilang araw, natantiya niyang nakalusot na siya at nakahinga siya nang maluwag. Kaya nang puntahan uli siya ni Mang Felix isang hapon ay lumabas siya na walang pag-aalala.

Bahagya na niyang nailagan ang tagang inunday sa kanya ni Mang Felix. Maliwanag ang murang lumabas sa bibig nito, malagim ang tili ng nagimbal na ina niya, mabilis ang pagkakagulong namayani sa paligid, at nangibabaw sa isip niya ang isa't matingkad na utos ng sarili: Takbo, Julian, papatayin ka! Takbo!

"Papatayin kita! Papatayin kita, ahas!"

Wala ng pagkakataon para sabihin niya kay Mang Felix na, Mang Felix, hindi ko lang po napigilan ang sarili ko!

Nagtago nang mahigpit si Julian pagkatapos ng pangyayaring 'yon. aba, ikaw man 'to! Kahit nang mabalitaan niya na hindi na naman daw siya pinagkakaabalahan pang hantingin ni Mang Felix, patuloy siya sa mahigpit na pagtatago. Magising-makatulog si Julian, balisa siya. Hindi siya matahimik sa pag-aalalang matagpuan siya ni Mang Felix, sa pag-aalala pa rin sag alit ng kanyang ama, at sa pag-aalala ng kanyang ina. Saka maski istrikto ang tatay niya, iba pa rin 'yong may bubong na kahit pa'no; 'yong hindi ka todo-todong nag-iisa sa buhay. Sa huling suma, hindi katumbas ng maikling ligaya sa piling ni Aling Connie ang parusa ng sariling dinaranas niya ngayon; tulad ding hindi halagang sampung piso lang ang gulping ipinataw sa kanya ng ama at kahihiyang kakabit niyon nang magkasala siya bilang isang musmos.

Hindi na ko uulit, pangako ni Julian sa sarili, kasabay ng pagpupursigeng magpakabait. Pinasok niya ang lahat para kumain: nagtulak siya ng kariton sa palengke, naging tagalinis ng bus sa terminal, tagatawag ng pasahero ng biyaheng Sangandaan, *street vendor* . at nang di na makatiis, umuwi siya para humingi ng tawad sa ama.

"Tungkol po do'n sa nangyari no'n, Itay."

"H'wag mo nang banggitin pa sa 'kin 'yon, Julian," sansala ng tatay niya. "Walang paliwanag na makapagbibigay-katwiran sa kalokohan mo. Maliit ka pa, hindi ka na mapagkatiwalaan."
Napatungo na lang siya.

“Oo, malaki ka na. hindi na kita mapapalo,” malungkot na dugtong pa ng ama niya. “Pero h'wag mo naman akong masyadong nakawan ng dangal. Ayokong sa bandang huli'y manghinayang ako na naging anak kita.”

Ibig niyang maghimagsik at paniwalaang malupit, talagang sarado ang isip ng kanyang ama. Pero isang tingin sa mukha nito at natantiya niya ang kasinungalingan ng katigasan nito. Kailan lang siya umalis ay ang laki na ng itinanda agad ng tatay niya, na para bang nag-alala rin ito nang husto sa pagkawala niya. Sa likod ng matalim na dila nito't malupit na kamay, alam ni Julian, mahal din siya ng matanda.

Nakaramdam ng awa si Julian sa magulang. Mahirap ding maging ama, naisip niya.
Si Julian, pagkaraan ng mahaba rin naming pag-aapuhap at pagpupursige, ay nagdesisyong maging *waiter* . Hindi naman kababaang trabaho ang *waiter* , bukod pa sa malaki daw ang kita. Aba, masama pa ba 'yong maka- *tip* ka ng piso-dalawang piso sa bawa't kostumer? Sus, lalo na kung sa hotel ka mapapasok!

Paghahanda sa opisyong nasabi, pumaloob sa isang puspusang *seminar* si Julian sa pagtataguyod ng isang *employment agency* , kung saan itinuro sa kanya at mga kaklase ang ilang mga importantent bagay sa pagseserbisyo tulad ng kagandahang-asal at makasining na pagdadala ng mga pinggan. Nang makapasa, kabilang siya sa mga agad ikinuha ng ahensiya ng trabaho.

Siyempre't baguhan, *temporary waiter* lang muna siya. Okay na rin dahil kita n'yo, sa primera-klaseng hotel-restoran naman siya napunta. Wala silang malinaw na usapan sa suweldo - hindi rin niya alam kung ilang porsiyento ng kita niya ang “tatagain” ng ahensiya - pero wala naman siyang reklamo sa *tip* . At, paniwala niya no'ng bagong salta siya, okay lang ang tsibog. T'yak na lalaki ang katawan ko, 'Nay, sa nagkalat na pagkain sa paligid!

Hindi niya akalain, patakaran pala sa restoring 'yon ang *bring your own baon* !
“Ho? Ibig n'yong sabihin, hindi libre pagkain, ma'am?

Tumaas ang isang kilay ng istriktong si Ma'am. " *Are you crazy* ?” Hindi basta restoran 'to, Binata. At sa dami n'yon waiter dito, sa pagkain n'yo pa lang e baka hindi na maka- *break even* ang *management* !“

Oo nga naman, ayunan ng mga "maunawaing” bagong pasok. Tuusin mo naman kung bawa't waiter e kakain ng fried chicken na nagkakahalaga ng sisenta pesos!

Binulungan si Julian ng isang datihan: “Makakakain ka rin ng pagkain dito, h'wag kang mag-alala.”

Kaagad din naming natuklasan niya ang ibig sabihin ng datihan, pagkaraang magsilbi sila sa isang *luncheon meeting* at ibalik nila sa kusina ang mga bandeha ng sobrang pagkain.

“Ayan,” sabi ng datihan. “Bayad na 'yan. Puwede na nating ka'nin 'yan.”

Pagkaraan ng unang pagkasaling ng amor propyo, naisip ni Julian na sila-sila na lang naman ang magkakaalaman ng kalagayan nila, ng pagkababa nila sa katayuan ng mga aso, at hindi na siya dapat pang mahiya. Wala nang tagalabas pang makakaalam na tagakain lang sila ng tira. Pero takpan muna ang pagkain, hindi pa oras ng ligaya. Baka mahuli ka ni Ma'am na ngumunguya, tatalsik ka sa trabaho. Alas dos pa ang *break* ng mga *waiter* , pag busog na ang lahat at mangisa-ngisa na lang ang nakikita mong kostumer.

Kung gano'n, lalong hindi *wise* na isnabin pa niya ang mga tira ng mga nagdaang parukyano dahil sa oras na 'yon, panis na ang lahat ng baon nila sa plastic!

“Kain na, Julian. Malinis naman 'yan, sinerving *spoor* 'yan.”

“Saka ano ba'ng ipagseselan mo pa? Mahal dito, mga turista’t mga *big shot* ang kumakain dito. Samakatwid, puro taong may kuwarta. Wala naman siguro sa kanilang may sakit. O kahit *bad breath* , wala naman siguro!”

“Kain na, Julian. Ku, pare, kahit tira lang 'yan. iba pa rin 'yan sat along at bago'ng na baon mo!”
Nang maglipat-buwan ay naunawaan din ni Julian ang patakaran ng management sa pagpapasuweldo ng mga waiter (nagtanung-tanong siya bunga ng pagtataka niya na mas mababa pa ang suweldo niya ngayon kaysa no'ng nakaraang kinsenas):

Lumalagay na meron palang takdang badyet ang hotel-restorang 'yon na pansuweldo sa mga *waiter* , wala lang nakakaalam kung ilang libo sambuwan. isang takdang badyet na pinag-aayaw-ayaw sa bilang ng mga tagapagsilbi. Kung nagkataon na maraming natawag na *extra waiters* , o nag- *cater* ang restoran sa maraming kasayahan at sa gano'n ay nakapag-empleyo ng maraming *party waiters*na sinusuwelduhan ng per ora, hindi kataka-taka na lumiit ang part eng mga*temporary waiters* komo wala naman silang takdang suweldo. Tumaas-bumaba ang bilang ng tagapagsilbi'y hindi nagbabago ang badyet na pansuweldo ng*management* .

Nagtataka lang si Julian. Di ba sa marangal na usapan, kung maraming kasayahan ang binalikat ng hotel-restorang pinapasukan niya, dumami man ang babayarang tagapagsilbi'y mas marami naman ang pumanhik na tubo sa kaha? Ibig sabihin: sa bawa’t manok na lang, halimbawa, na pinuhunanan ng kinse pesos at ipinagbili ng sisenta pesos, t'yak lang na mas malaki ang tubo sa sanlibong manok kaysa sandaang manok lang, hindi ba? Bakit sa tuos nila'y mahihirapan ang *cash register*kung magdadagdag sa badyet na pansuweldo?

Wala kang pakialam sa palakad ng *management* , Julian. Magtanong ka kung gusto mo. para mawalan ka ng trabaho!

Julian, kasi, kawikaan nila: total. malaki naman daw ang nati- *tip* ng mga*temporary* !
O e ba’t 'yong mga regular, dib a malaki rin ang nati- *tip* ?

Wala kang magagawa; mga regular 'yon, e. malinaw ang usapan nila sa suweldo.
Tsk, tsk; sarap ng maging regular, ano?

Engot ka pala! Bakit, ninang mo ba si ma'am? Baka 'kala mo, gano'n-gano'n lang ang maging regular!

Ba't hindi? Atatapos na'ng *probation* ko, a!

'Yon ang akala mo! Ang sabihin mo: matatapos na nga'ng *probation* mo. mag-ingat-ingat ka na! Oras na nabutasan ka nila, talsik ka!

Ano? Bakit, wala naman akong ginagawang masama, a!

Kahit wala! Mahirap ka ba talagang umintindi? Dito, nililimit ang bilang ng regular. Bakit 'kamo? Dahil lahat 'yan, obligadong bigyan na ng mga *benefits* ! E sinong management ang masarap sa loob na magbigay ng mga *benefits* ?

W-wala akong ginagawang masama.

H'wag kang kasiguro, Julian. Kanina lang, huling-huli kita. tsumibog ka na naman nang wala sa oras!

“MA'AM”

“ *You heard me* , Julian. Pasensiya ka, *violator* ka, e. Sinabi ko na sen'yo, ayokong nakakahuli ng ngumunguya pag di pa oras ng pagkain!”

H'wag naman, dasal ni Julian. Diyos ko, h'waag naman. Pag nalaman ito ni Itay, iisipin niyang may nagawa na naman akong kasalanan!

“Ang ayoko sa lahat, 'yong mga taong hindi mapagkatiwalaan!” malupit na sabi pa ni Ma'am at naramdaman niya ang latay ng mga salitang 'yon. “Hala, pirmahan mo 'tong *termination paper* mo!”

*Termination paper* ?

“Ma'am,” natatarantang sabi ni Julian. “Pasensiya nap o kayo. Kasi po, gutom na gutom na 'ko. h-hindi ko na po napigilan ang sarili ko!”

May alingawngaw sa pandinig ni Julian ang mismong mga salita niya. *Hindi ko na napigilan ang aking sarili* ! 'Yon na lang ba talaga ang masasabi niya tuwing gagawa siya ng asunto? Wala na bang iba?

Gutom na gutom siya at nagkalat ang pagkain. hindi niya napigilan ang kanyang sarili! Tulad ding hindi siya nakapigil sa harap ng katotohanang walang-wala siyang pera at naro'n lang ang pitaka ni Aling Sandra. Na nasa panahon siya ng kapusukan at kainitan ng dugo'y ibinilad sa kanya ni Aling Connie ang maganda't mabangong sarili. Ba't gano'n, parang hindi pa sapat na pagkaitan siya, parang kailangan pa ring takawin siya. Sa mga okasyon ng matinding pangangailangan at pagkahayok, saka pa siya inilalagay ng tao sa sitwasyon na hindi niya kayang paglabanan. Saka pa siya tinutukso, inaakit, sinusubok.

"Dapat, Ma'am, kung gugutumin n'yo kami. h'wag n'yo na kaming pakitaan ng pagkain," nakuhang sabihin ni Julian.

Tumaas pa ang kilay ni Ma'am. "Ano kamo, pakiulit mo nga?"

"Ma'am, mag.g-gagawa na lang po ako ng resignation letter, ma'am."

Nang-uuyam ang ngiting tinesting ni Ma'am ang talino niya: "Ba't, ano'ng kaibhan ng*resignation letter* sa *termination paper* ?"

"Pag nag-apply ako sa iba, ma'am. ang lagay, termination paper ang 'pakikita kong reference?" Lalo pang nang-uyam ang ngiti ni Ma'am. "P'wes, nagre- *reflect* sa reputasyon ng kompanya pag nagre-resign ang kanyang mga empleyado!"

Reputasyon, naisip ni Julian. Ako ba, walang reputasyon?

At naisip pa rin niya: Talaga bang wala nang katungkulang-moral ang tao sa kapwa tao niya? Panahon nab a talaga ng mga robot? O naglipana lang talaga ang mga maligno?
Naalala niya ang tatay niya at ang salita nito " *H'wag mo naman akong masyadong nakawan ng dangal* ". at gusto niyang maiyak sa pagkatuklas na hindi ang ama niya kundi siya ang ninanakawan ng dangal mula't sapul. *Itay, hindi marangal ang magmistula kanga song kumakain ng tira* ! *Hindi marangal ang magmakaawa sa mga demonyong mapagkait ng dangal* !

"Mahalaga ang oras ko, Julian. Pirmahan mo na 'yan, kung ibig mong makakuha pa ng suweldo maski pa'no."

Hindi alam ni Julian kung kalian ang eksaktong sandali ng pagdidilim ng isip niya. Pero bigla'y hinablot niya ang mataas na kuwelyo ni Ma'am, pakaladkad itong itinindig, at sinakal. mahigpit, mariin, papilipit. at nagngalit ang mga masel sa braso niya, ang mga ugat sa leeg niya, kasabay ng pagtatangka ni Ma'am na makasigaw sa kabila ng disididong pagpiga niya hanggang huling hininga nito at mula kung saan, parang narinig ni Julian ang gimbal na tili ng kanyang ina.
Sa hukuman, isa lang ang *alibi* na ibinigay ni Julian sa kasong pagpatay na inihain laban sa kanya, kasama ng mahigpit na pag-iwas sa nanunumbat na mga mata ng kanyang ama: *Hindi kop o napigilan ang aking sarili*!